

Pag-abuso sa Matatanda



PANANATILING LIGTAS SA TAHANAN

Ang impormasyong ito ay mula sa **Seniors Legal and Support Service** (Serbisyong Pambatas at Suporta para sa Matatanda) sa Caxton Legal Centre. Ang serbisyong ito ay pinopondohan ng pamahalaan ng estado. Ito ay nag-aalay ng libre, kompidensyal at mga serbisyong panlipunan sa matatanda upang tulungan silang harapin ang pinsala o pagpapabaya ng pinagkakatiwalaang mga kapamilya o kaibigan.

PAANO MAKAKUKUHA NG LIBRENG TULONG – ISA-ISANG HAKBANG

Ang pag-abuso ay maaaring pampinansyal, pasalita, pandamdamin, pisikal o kombinasyon ng mga ito. Kadalasan, mahirap pag-usapan ang tungkol sa mga problemang ito, at karaniwan ang makaramdam ng pagkahiya tungkol sa nangyayari. Kung kayo ay nag-aalala o nangangamba at nais ninyong malaman ang tungkol sa inyong mga opsyon upang pabutihin ang inyong sitwasyon, makakatawag kayo sa pambuong estadong helpline sa 1300 651 192 at humingi ng tulong.

ISANG KARANIWANG ISTORYA

Ang anak na lalaki ni Ana ay naninirahang kasama niya

Si Ana ay 76 na taong gulang at tumatanggap ng pangangalaga mula sa kanyang anak na lalaking si Pablo. Si Pablo ay humiwalay sa kanyang asawa 12 buwan na ang nakaraan at siya ay tumira kay Ana. Gusto ni Ana na magkaroon ng panahon sa piling ng dalawang anak ni Pablo na pumupunta sa kanya tuwing Sabado't Linggo at kapag bakasyon ng paaralan. Si Pablo ay walang trabaho, namimighati at labis ang pag-inom. Si Pablo ay tumatanggap ng carer payment (kabayaran para sa tagapag-alaga). Inihahatid ni Pablo si Ana sa kanyang mga pakikipagkitang-medikal at sa mga pamilihan at paminsan-minsan ay nagluluto ng hapunan. Madalas minumura ni Pablo si Ana, sinusunggab nang padaskol ang kanyang pulsuhan at sinasabing ninanasa niyang mamatay na sana si Ana. Pinipilit ni Pablo si Ana na bigyan siya ng pera, na sinasabing ito ay para sa mga apo. Si Ana ay natatakot at nababalisa tungkol sa lagay ng pamumuhay, hindi nakakatulog na mabuti at ang kanyang katawan ay humihina. Tinigilan na ni Ana ang pag-imbata

sa mga kaibigan at kapitbahay na pumunta sa kanyang bahay. Ayaw ni Ana na malagay sa gulo si Pablo o kaya ay mawalan ng matitirahan kasama ang kanyang mga apo.

ANG MGA KARAPATAN NI ANA

Si Ana ay may karapatan na:

- maging ligtas at maseguridad sa lahat ng oras
- tumanggap ng makatwirang kontribusyon tungo sa pagkain at mga bill
- tumanggap ng maaasahang tulong sa bahay
- magtamasa ng isang mapayapa at masinop na tahanan
- magpanatili ng sarili niyang mga karaniwang gawain
- ipagpatuloy ang sarili niyang mga interes at libangan
- magpanatili ng sarili niyang mga sosyalang gawain at mga kaibigan
- magtakda ng panahon kung gaano katagal makakapanirahan sa kanya ang adultong anak
- magdesisyon kung anong mga ari-arian ang maaaring iimbak sa tahanan.

ANO ANG MAGAGAWA NI ANA UPANG MANATILING LIGTAS?

Bilang isang adulto, kayo ay may karapatang gumawa ng sarili ninyong mga desisyon, gaya ng kung saan kayo maninirahan at kung paano ninyo pamamahalaan ang inyong pera, kahit na kayo ay may kapansanan o may karamdamang sanhi ng katandaan. Makakapili kayo mula sa isang hanay ng mga suportang mga opsyon upang mapanatili ang paggawa ng sariling desisyon.

Mga Hakbang upang Makakuha ng Suporta Paano makatutulong ang aming libreng social worker	Legal na mga Hakbang Paano makatutulong ang aming libreng abogado
Makipag-usap sa GP (nang nag-iisa) o sa pinagkakatiwalaang kapamilya, mga kaibigan o mga pinuno ng komunidad upang makakuha ng suportang pandamdamin.	Tawagan ang pulis sa triple zero (000) kung natatakot sa pag-aasal ng iba.
Humiling sa GP ng pagsangguni sa isang tagapayo para sa suporta upang maharap ang pagkaligalig at ang pakikipagsamahan ng pamilya.	Makipag-usap nang kompidensyal sa aming abogado para sa pambatas na payo upang mahinto ang pag-abuso.
Lumikha ng isang planong pangkaligtasan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa aming social worker.	Unawain ang mga pambatas na karapatan ng mga lolo at lola na makita ang kanilang mga apo.
Kumuha ng isang pagtasa ng My Aged Care upang makatanggap ng mga serbisyong suporta at/o mga pagbabago sa tahanan na magpapalaki ng independensya sa transportasyon at mga gawaing-bahay.	Sumulat ng isang kasunduan tungkol sa mga kaayusan sa paninirahan.
Magsuot ng isang kagamitang medi alert (pang-alistong medikal) at maging handang gamitin ito.	Mag-aplay para sa isang Protection Order (Pamproteksyong Kautusan) sa Korte ng Mahistrado, na kabibilangan ng mga kondisyon tungkol sa mga kaayusan sa paninirahan at sa mga pag-aasal na dapat huminto.
Muling makipag-ugnay sa mga sosyalang grupo na dati mong ikinasiya, at panatilihin ang dating gawi nang pag-imbata sa inyong bahay ng mga kaibigan o kapitbahay.	Baguhin ang mga kaayusan sa pangungupahan, kung umuupa.
Pag-isipan ang isang pagpupulong ng pamilya, na may tagatulong, upang talakayin ang mga kaayusan para sa salong-paninirahan at upang magtakda ng mga hangganan ng pag-aasal.	Kuning-muli ang mga di-nabayarang pautang sa pamamagitan ng pakikipag-ayos o sa isang aplikasyon sa Queensland Civil and Administrative Tribunal (Pambayan at Pampangasiwaang Tribunal ng Queensland) o sa iba pang hukuman.
Kontakin ang serbisyong tumutulong sa mga magulang ng mga adultong anak na adik o may mga isyu sa pangkaisipang kalusugan.	Kung ang inyong komunidad o pamilya ay hindi makatutulong sa inyo, humingi ng tulong sa pulis na kausapin nila ang adultong anak tungkol sa kanyang pag-aasal at mga kaayusan sa paninirahan.
Kumuha ng pagsangguni sa mga serbisyong maaaring makatulong sa alternatibong pabahay para sa isang adultong anak na nakatira sa inyo.	Gumawa ng mga pagbabago sa mga legal na dokumento upang mapanatili ang pansariling paggawa ng desisyon gaya ng inyong enduring power of attorney (malawakang kapangyarihan ng abogado), mga nominasyon sa Centrelink at mga awtoridad sa pagbabangko.
Tumanggap ibigay sa iba ang inyong mga numero ng PIN sa bank account, at baguhin ang numero kung kailangan.	I-report sa pulis ang anumang nanakaw na pera o mga mahahalagang ari-arian para maimbestigahan.
Para sa mga hindi gumagamit ng internet sa pagbabangko, sabihin sa bangko na huwag pahintulutan ang pagbabangko sa internet sa inyong mga account.	Mag-aplay para sa Peace and Good Behaviour Order (Kautusan sa Kapayapaan at Magandang Pag-aasal) kung ang problema ay tungkol sa kapitbahay, at hindi sa isang kamag-anak.



SAAN MAKAKUKUHA NG LIBRENG TULONG

SENIORS LEGAL AND SUPPORT SERVICE (MGA SERBISYONG PAMBATAS AT SUPORTA PARA SA MATATANDA)

Sa Caxton Legal Centre para sa pambatas na payo at suportang panlipunan at pagtataguyod
Tel: (07) 3214 6333

ELDER ABUSE PREVENTION UNIT (YUNIT SA PAGHADLANG NG PAG-ABUSO SA MATATANDA)

Tel: 1300 651 192

ADA AUSTRALIA

para sa tulong na magsalita para sa inyong mga karapatan sa paggawa ng desisyon o para sa inyong mga alalahanin tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda
Tel: 1800 818 338 o 3637 6000

DIVERSICARE

para sa tulong sa may kalidad na mga serbisyo-sa-tahanan para sa mga tao na may ibat ibang kultura at wika
Tel: 1300 348 377

MGA PAMPINANSYAL NA TAGAPAYO

para sa tulong sa mga karaniwang problema sa utang
Tel: 1800 007 007

POLICE LINK (PAKIKIPAG-UGNAY SA PULISYA)

Tel: 13 14 44 o 000 para sa mga emerhensya

PUBLIC TRUSTEE OF QUEENSLAND (PAMPUBLIKONG TAGAPANGASIWA NG QUEENSLAND)

para sa pagsusulat ng libreng Huling Habilin at mga EPA (may bayad)
Tel: 1300 360 044

TELEPHONE INTERPRETING SERVICE (SERBISYO NG INTERPRETER SA TELEPONO)

Tel: 13 14 50

OFFICE OF THE PUBLIC GUARDIAN (OPISINA NG PAMPUBLIKONG GUARDIAN)

para sa mga alegasyon ng pag-abuso laban sa isang adulto na may mahinang kakayahan sa paggawa ng desisyon
Tel: 1300 653 187

QUEENSLAND ADVOCACY INCORPORATED (PAGTATAGUYOD SA QUEENSLAND INKORPORADA)

para sa pambatas na pagtataguyod para sa mga taong may kapansanan
Tel: 1300 130 582

QUEENSLAND LAW SOCIETY (SAMAHANG PAMBATAS NG QUEENSLAND)

para sa mga detalye ng pagkontak sa mga abogadong pribado
Tel: 1300 367 757

SENIORS ENQUIRY LINE (MATATAWAGAN NG MATATANDA PARA MAGTANONG)

Kapag hindi ninyo tiyak kung saan dadalhin ang isang tanong o problema
Tel: 1300 135 500

Caxton Legal Centre Inc.
© Copyright Caxton Legal Centre Inc.
1 Manning Street
South Brisbane Qld 4101

Telepono: (07) 3214 6333
Facsimile: (07) 3846 7483
Internet: www.caxton.org.au

Ang impormasyong ito ay pangkasalukyan noong Pebrero 2019.



Pagkakaila

Ang papel-kaalamang ito ay nilalayon upang magbigay ng masaklaw na payo lamang at hindi dapat gamitin bilang pamalit sa pambatas na payo. Bagama't lahat ng pagsisikap ay ginawa upang matiyak ang kawastuan sa panahon ng pagsusulat, ang batas ay masalimuot at laging nagbabago.

Walang tatanggapin pananagutan para sa anumang pagkawala, pagkasira o pinsala, pampinansyal man o hindi, na daranasin ng isang tao na kumilos o nagtiwala sa impormasyong taglay o hindi taglay sa lathalaing ito.

